**Kuwento 5 : Elias**

Talata sa Bibliya
[1 Mga Hari 17:24]

**At sumagot ang babae, "Tiyak ko na ngayon na kayo nga ay isang lingkod ng Diyos, at nagsasalita si Yahweh sa pamamagitan ninyo."**

Ito ay panahon ng pamumuno ni Haring Ahab sa mga Israelita.
Si Haring Ahab ay hindi naniniwala sa Diyos at nagpupuri sa diyos-diyosan na nagngangalang Baal.
Ipinadala ng Diyos ang propetang si Elias sa mga Israelita. Si Elias ay namumuhay habang namamahagi ng salita ng Diyos.
Isang araw, sinabi ng Panginoon kay Elias na magpunta sa Zarephath at sinabi na may makikita siyang isang balo.
Doon ay nakita niya ang isang babae na kumukuha ng mga patpat.
Siya ay isang balo. Sinabi ni Elias sa balo na nasa Zarephath,
"Bibigyan mo ba ako ng kahit kaunting tubig na nakalagay sa banga upang ako ay makainom at makakain ng tinapay?"
Alam ng balo na si Elias ay isang tagasunod ng Diyos.
Subalit dahil siya ay lubhang mahirap, mahirap ang hinihingi ni Elias sa kanya.
Ngunit ang balo ay umalis at ginawa ang sinabi ni Elias.
Samakatuwid, sa loob ng tatlo at kalahating taon ng taggutom sa Israel, ang banga ng harina ng balo ay hindi naubos at ang banga ng langis ay hindi natuyo.



Ang nakakamanghang biyaya ng Diyos ay nangyari sa tahanan ng balo na naninirahan sa Zarephath. .
Ngunit isang araw, may isang nakakalungkot na bagay ang nangyari sa balo.
Ang kaniyang anak na dating malakas naman ay nagkasakit at pumanaw.
Ang balo ay tumangis.
Nilagay ni Elias ang anak sa kaniyang mga braso at inihiga ito sa kama na nakalagay sa itaas na silid.
At nanalangin siya sa Diyos. Dininig ng Diyos si Elias at ang anak ay nabuhay.
kinuha ng balo ang kaniyang anak at umiyak dahil sa sobrang kasiyahan.
Pinapurihan at pinasalamatan ng balo ang Panginoon.



**Gawain 1.** Idikit ang bulak sa garapon ng harina at kulay dilaw na papel sa garapon ng langis.

Kagamitan: Bulak, dilaw na papel, pandikit, gunting



**Gawain 2.** Isipin kung ano ang natutuhan ngayong araw at kulayan ang larawan sa ibaba.



- Bakatin at kabisaduhin ang Bible verse. (1 Mga Hari 17:24)

Tiyak ko na ngayon na kayo nga ay isang lingkod ng Diyos